KIDS GOD WORSHIP
www.kidworship.kr

# Ang mga Unang Mananampalataya

– 22nd Story–



152Page

**N A R** Si Jesus ay ipinako sa krus at muling nabuhay sa ikatlong araw. Sa loob ng 40 araw, nagpakita siya sa kanyang mga apostol at nagturo tungkol sa paghahari ng Dios bago Sya dinala siya sa langit. Ang mga alagad ni Jesus ay nagtipon-tipon sa isang silid sa itaas ng bahay para manalangin. Kasama nila si Maria at ang iba pang mga kababaihan na sumunod kay Jesus. Sama-sama silang nanalangin ng taimtim. Pagkalipas ng sampung araw, dumating ang araw ng Pentecostes.



153Page

**N A R** Sa araw na ito, nagtipon ang lahat ng mananampalataya sa isang bahay. Habang nagtitipon sila, bigla na lang silang nakarinig ng ugong na mula sa langit, na katulad ng malakas na hangin. At puro ugong na lang ang kanilang narinig sa bahay na kanilang pinagtitipunan. Pagkatapos, may nakita silang mga ningas ng apoy na parang mga dila na kumalat at dumapo sa bawat isa sa kanila. Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu tulad ng ipinangako ni Jesus, at nakapagsalita sila ng iba't ibang wika na hindi nila natutunan. Ang Banal na Espiritu ang siyang nagbigay sa kanila ng kakayahang makapagsalita nang ganoon.

**Dialect 1** Laudate Dominum!

**Dialect 2** Magid Ahlaek (magd/ alik)

**Dialect 3** Gadol Adonai.

**N A R** Namangha ang mga nakarinig dahil narinig nilang sinasalita ng mga mananampalataya ang kani-kanilang wika.

**Person 1** "Aba, hindi ba't mga taga-Galilea silang lahat? Bakit sila nakakapagsalita ng sarili nating wika?

**Person 2** "Lasing lang ang mga iyan!"



154Page

**N A R** Tumayo si Pedro kasama ang 11 apostol, at nagsalita nang malakas.

**Peter** Nang bumalik si Jesus sa langit, dumating ang Banal na Espiritu na Syang tumutulong para maintindihan ang mga tinuro ni Jesus. Pinadala ng Diyos si Jesus para iligtas tayo.

**N A R** Ang mga nakarinig ay nagtanong kay Pedro at sa kanyang kasamang mga apostol.

**Crowd 1** "Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?"



155Page



156Page



157Page

Peter “Magsisi ang bawat isa sa inyong mga kasalanan at magpabautismo sa pangalan ni Jesu-Cristo, at mapapatawad ang inyong mga kasalanan at matatanggap ninyo ang regalo ng Dios na walang iba kundi ang Banal na Espiritu.

Crowd 2 Talaga? Kung magsisisi kami , patatawarin kami ng Diyos?

Peter Oo, tama yan.

NAR Ang mga nakarinig kay Pedro ay napuno ng pagkamangaha. Ang mga tumanggap sa kanyang mensahe ay nagpabautismo at humigit-kumulang 3000 ang idinagdag sa mga mananampalataya sa araw na iyon. Pagkatapos nito, patuloy na ipinangaral ng mga alagad ang Salita ng Diyos at marami ang nagsisi at naniwala.

---

NAR Ang mga apostol ni Jesus at mga mananampalataya ay araw araw na nagtitipon sa templo para manalangin at magpuri sa Diyos. Ipinagbili nila ang kanilang mga lupa at mga ari-arian, at ang pera'y ipinamahagi nila sa kanilang mga kasama ayon sa pangangailangan ng bawat isa. Nang sila ay mapuspos ng Banal na Espiritu naging masigasig sila sa pag-aaral ng mga itinuturo ng mga apostol, sa pagtitipon bilang mag-kakapatid, sa paghahati-hati ng tinapay, at sa pananalangin. Ang mga nakakita nito ay napuno ng pagkamangha. Araw-araw, nagtitipon sila sa templo at naghahati-hati ng tinapay sa kanilang mga bahay. Lubos ang kagalakan nila sa kanilang pakikibahagi sa pagkain, at palagi silang nagpupuri sa Dios. Nagustuhan sila ng lahat ng tao. Araw-araw ay idinaragdag sa kanila ng Panginoon ang mga taong kanyang inililig-tas... Sila ang mga unang mananampalataya.